## SO WHAT

- Gaano ka umaasa sa Banal na Espiritu sa tuwing ikaw ay magbabahagi ng ebanghelyo o di kaya may gagawin kang paghamon na pangkalahatan?
- Papaano ka biniyayaan o natulungan ng panalangin o pagsamba?
- Ano sa palagay mo ang mga bagay na nakamamanghang nagawa mo dahil sa lakas na tinaglay mo dahil na rin sa Banal na Espiritu?

## NOW WHAT

- Kanino mo maaaring ibahagi ang ebanghelyo sa pamamagitan ng Banal ng Espiritu? Ano ang balak mong gawin?
- Gaano ka nasisiyahan sa panalangin at sa iyong pananambahan sa Diyos? Hingin sa Banal na Espiritu na maihayag Niya ang Kanyang Sarili sa makabago at sariwang pamamaraan habang ikaw ay nananalangin at nagpupuri.
- Anong talento ang maaari mong ialok upang makapaglingkod sa iglesiya? Ano ang posible mong maisagawa kapag ikaw ay puspos ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu?

# PRAYER

- Ipanalangin ang kaligtasan ng iyong mga mahal sa buhay at nang sila ay maitatag sa pananampalataya.
- Hingin sa Espiritu na mapuspusan ka ng panibago tulad ng iyong panalangin sa araw-araw.
- Maging bukas sa mga bahagi ng pagmiministeryo na maaaring ipadama sa iyo ng Banal na Espiritu upang ikaw ay makapaglingkod.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

**WEEK 2** **FILIPINO**

# Banal na Pagpatnubay

BEYOND NORMAL

## NOTES

# CONNECT

- Ano ang madalas mong hilingin sa panalangin sa Diyos at bakit?
- Anong partikular na bahagi ng iyong buhay ang kinakailangan ng pagpatnubay?
- Mayroon ka bang patotoo na mga panalanging nasagot? Nais mo bang pag-usapan natin ito?

## WORD

*[44]Habang nagsasalita pa si Pedro, dumating ang Banal na Espiritu sa lahat ng nakikinig doon. [45]Ang mga mananampalatayang Judio na sumama kay Pedro mula sa Jopa ay namangha dahil ipinagkaloob din ng Diyos ang Banal na Espiritu sa mga hindi Judio. [46]Dahil narinig nilang nagsasalita sila ng iba't ibang wika na hindi nila natutunan at nagpupuri sila sa Diyos. Kaya sinabi ni Pedro, [47]"Natanggap na nila ang Banal na Espiritu tulad natin kahit hindi sila mga Judio. Kaya wala nang makakapigil sa kanila para bautismuhan sila sa tubig." [48]At iniutos ni Pedro na bautismuhan sila sa pangalan ni Jesu-Cristo. Pagkatapos noon, pinakiusapan nila si Pedro na manatili muna sa kanila ng ilang araw.* MGA Gawa 10: 44-48 (Basahin rin ang Mga Gawa 11:22-24.)

## WHAT

Ang panalangin ay mas mainam kung ito ay palagiang nakakabit mismo sa pinagmumulan—at iyan ay ang Banal na Espiritu. Maliban sa Kanya, ang panalangin ay walang saysay at ito ay ligaw. Sa tuwing tayo ay mananalangin, tinatawag nito ang pansin ng Banal na Espiritu upang patnubayan tayo at bigyang sigla sa ating mga panalangin at kahilingan. Ito ang naging karanasan ng mga sinaunang mga Kristiyano tulad ng nasasaad sa aklat ng Mga Gawa. Ano ang nangyayari kapag tayo ay nanalangin sa Banal na Espiritu?

### 1 Ang Banal na Espiritu ang nagbibigay ng karunungan kung papaano natin ibabahagi ang ebanghelyo.

*Habang nagsasalita pa si Pedro, dumating ang Banal na Espiritu sa lahat ng nakikinig doon.* MGA GAWA 10: 44

Hindi lamang tayo tinuturuan sa ating sasabihin sa tuwing tayo ay magbabahagi ng ebanghelyo, maging ang Banal na Espiritu ang nagbibigay sa atin ng kapangyarihan sa bawat mensahe na ating ibinabahagi. Bakit kinakailangan nating umasa sa kapangyarihan ng Banal na Epiritu sa halip na sa ating sariling kakayahan sa tuwing tayo ay magbabahagi ng ebanghelyo?

### 2 Ang Banal na Espiritu ay pinagpapala tayo ng espirituwal na alay at kakayahan sa pananambahan.

*[45]Ang mga mananampalatayang Judio na sumama kay Pedro mula sa Jopa ay namangha dahil ipinagkaloob din ng Diyos ang Banal na Espiritu sa mga hindi Judio. [46]Dahil narinig nilang nagsasalita sila ng iba't ibang wika na hindi nila natutunan at nagpupuri sila sa Diyos. . . .* MGA GAWA 10:45,46

Sa ating pananalangin, ang Banal na Espiritu ay pinagpapala tayo ng mga alay na nagbibigay sa atin ng kakayahan na ikasisiya natin sa pagsamba at paglilingkod sa Kanya. Ang mga papuri at panalangin ay mga makapangyarihang kasangkapan na nakakatulong sa atin upang tayo ay maging matagumpay sa ating buhay. Papaano ka natutulungan ng pagsamba upang labanan ang mga mahihirap na sitwasyon?

### 3 Ang Banal na Espiritu ang nagbabahid upang gawin ang malakihang pag-unlad ng Kanyang kahariaan.

[22]Ang pangyayaring ito ay nabalitaan ng iglesya sa Jerusalem, kaya pinapunta nila si Bernabe sa Antioc. [23]Pagdating niya roon, natuwa siya dahil nakita niya ang mga kabutihang ginawa ng Diyos sa mga tao roon. At pinayuhan niya sila na maging matapat at matatag sa kanilang pananampalataya sa Panginoon. [24]Mabuting tao si Bernabe. Pinapatnubayan siya ng Banal na Espiritu, at matibay ang kanyang pananampalataya sa Diyos. Kaya marami sa Antioc ang sumampalataya sa Panginoon. MGA GAWA 11: 22-24

Tulad ni Bernabe, maaari tayong lubos na magbigay ng daan sa Banal na Espiritu sa panalangin at gamitin ng Diyos sa Kanyang kaharian. Hayaan ang Banal na Espiritu na mapuspusan ka araw-araw at maging instrumento upang abutin ang mga tao ng ebanghelyo. Ibahagi ang kwento ng iba na may nagawang napakalaki sa kaharian ng Diyos.